
LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino


# Ano ang nasa Aklat?




Isinulat ni Amrin Pisey

Iginuhit ni El Huyno

Sinuri ni May L. Mojica




Mahilig maglaro si Billy gamit ang kaniyang *computer tablet*. Subalit isang araw habang naglalaro, napansin niyang naghahanda nang mag-aral ang kapatid niyang si Betty. Madalas magsagawa ng kompetisyon ang kanilang ama at mayroon nito sa gabing iyon. Ayaw niyang manalo ang kaniyang kapatid!



Pumasok si Billy sa loob upang tingnan kung ano ang binabasa niya. “Ano ang paglalabanan natin ngayong gabi?” tanong ni Billy.

“Hindi tayo maglalaro ng isports ngayon. Magtatanong si Itay tungkol sa mga natutuhan natin sa mga aklat. Baka manalo na ako sa iyo sa unang pagkakataon!” sagot ni Betty.




Nag-alala si Billy. Palagi na lang kasi siyang naglalaro sa tablet kaya hindi na siya nag-aaral nitong mga nagdaang araw.



Nang dumating ang kanilang ama, sinabi niya na oras na para sa kompetisyon. Sabay na naupo sina Billy at Betty. Maraming tamang sagot si Betty sa mga katanungan. Ngunit ni isa ay walang tamang sagot si Billy.



“Billy, narito ang huling tanong.
Ano ang hugis ng mundo?”
Hindi sigurado si Billy, ngunit sinubukan niyang sagutin.
“Ang hugis ng mundo ay... ay ...
hindi ko alam!” Malungkot na umiling ang ama ni Billy.
“Dapat mag-aral ka pa, Billy.
Alam mo ba ang sagot, Betty?”




Nakangiting sumagot ni Betty,
"Naaalala ko, Itay! Ang mundo
ay hugis bilog."
Sa gabing iyon, nanalo si Betty
sa kompetisyon!




Kinabukasan, tinanong ni Billy ang kaniyang ate kung paano niya nalaman ang mga sagot.
"Mula sa mga libro!" sagot ni Betty.
"Kung nais mong malaman ang mga sagot sa kompetisyon kagabi, basahin mo lamang ang aklat na ito."




Pinag-isipang mabuti ni Billy ang iminungkahi ng kaniyang ate. Kung maglalaan siya ng mas maraming oras sa pagbabasa, hindi na siya makapaglalaro sa kaniyang tablet. Kung hindi naman siya magbabasa, matatalo siya ng kaniyang kapatid sa susunod na kompetisyon.




Nagpasya si Billy na ilagay sa *drawer* ang tablet. Naghanap siya ng mga librong mababasa. Ngunit hindi niya alam kung alin sa mga ito ang pipiliin!



Nakita ni Billy na nagbabasa ang kaniyang ate ng isang libro sa agham. Kung kaya nagpasya siyang subukan din ito. Siguradong matatapos niya ito sa maghapon.





Ngunit habang nagbabasa, nakatulog si Billy at humilik. Napakabilis niyang nabasa ang mga pahina kaya nagkaroon ng kakaiba at halo-halong nilalang ang kaniyang panaginip.




Nang magising si Billy, sinubukan niyang bumalik sa pagbabasa. Ngunit sobrang dami ng mga pahina at napakarami rin ng impormasyon! Paano niya ito tatapusin at matatandaan lahat?



Nakita niyang hindi na nagbabasa ang kaniyang ate.
"Ate, natapos mo na bang basahin ang aklat?" nagtatakang tanong niya. "Paano mo nababasa at naaalala ang lahat?"



“Hindi pa,” sagot niya. “Ngunit natapos ko ang mga pahinang gusto kong basahin ngayong araw. Kung magbabasa ako ng ilang pahina bawat araw, marami akong matututuhan at hindi ako malilito!”



Nagpasya si Billy na subukan ang ideang ito. Nagbabasa siya ng ilang pahina araw-araw at may mga natututuhan siyang bago! Sa pagtatapos ng linggo, wala siyang naging problema sa pagtabi ng kaniyang tablet at pagbabasa ng libro.



Hindi magtatagal at oras na naman para sa kompetisyon. Alam ni Billy na handa na siya sa oras na ito!



Ipinaliwanag ng kanilang ama na ang kompetisyon ay tungkol sa matematika. Agad na pumunta sina Billy at Betty sa pisara upang magsimula. Sino kaya ang mananalo?




"Binabati kita, Billy!" sabi ng kaniyang ama matapos niyang masagot nang tama ang huling tanong.

"Nanalo ka bilang pinakamahusay na mag-aaral ngayong linggo!"



Ipinagmalaki ni Billy ang kaniyang sarili.
Gayundin si Betty! Nang gabing iyon, nagbasa ulit sina Billy at Betty. Hindi na sila makapaghintay sa susunod na kompetisyon!



DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation